

Kawalan ng kuryente pagkatapos ng baha

Impormasyon tungkol sa pagkaputol ng kuryente pagkatapos ng baha

Filipino

OFFICIAL

Maaaring matagalan bago maibalik ang kuryente pagkatapos ng baha. Gamitin ang mga mungkahi sa ibaba tungkol sa mga bagay na maaari mong gawin kung mawawalan ng kuryente.

Mga mungkahi sa pagpapanatiling ligtas ng iyong pagkain

- Ang pagkaputol ng kuryente ay maaaring makaapekto sa iyong pagkain, tandaang:
 - ✓ ilipat sa freezer ang pagkain mula sa fridge
 - ✓ hangga't maaari, panatilihing malamig na malamig ang iyong pagkain sa pamamagitan ng paglalagay ng mga bag ng yelo o isang blangket na pang-insulasyon sa ibabaw ng mga pakete ng pagkain
 - ✓ kung ang iyong pagkain ay malamig pa sa paghipo (kulang sa 5 °C), ito ay ligtas na kainin
 - ✓ kung ang iyong pagkain ay hindi na malamig hipuin, maaari itong itabi at kainin nang hanggang apat na oras at pagkatapos ay dapat na itong itapon o kaya ay lutuin at kainin
 - ✓ kainin ang mainit na pagkain sa loob ng apat na oras na mainit ito, o itapon na ito
 - ✓ kung sa pagbalik ng kuryente ay matigas pa rin ang pagkaing helado (frozen), ligtas na ibalik sa freezer ang pagkain.

Mga mungkahi sa paggamit ng power generator

- Ang mga generator ay karaniwang ginagamit kapag nawalan ng kuryente. Gamitin ang mga mungkahing ito bago ka gumamit ng generator:
 - ✓ tiyaking ang mga generator na de-gasolina o diesel ay ginagamit sa mga nasa labas na lugar na may mabuting bentilasyon dahil kung hindi ay maaari itong maging sanhi ng carbon monoxide na pagkalason at maaari kang magkasakit nang malubha dahil dito
 - ✓ ang mga portable o mga generator na panlabas ang gamit ay hindi gagamitin sa loob ng iyong bahay dahil maaari itong maging sanhi ng carbon monoxide na pagkalason, pagka-kuryente o sunog
 - ✓ mag-instala ng mga permanenteng generator dahil ang mga ito ang pinakaangkop para magbigay ng back-up na kuryente
 - ✓ ilagay ang iyong generator sa isang tuyong lugar. Dapat kang mag-imbak ng gasolina sa labas sa isang protektadong lugar
 - ✓ patuyuin ang iyong mga kamay bago hipuin ang generator
 - ✓ suriin na ang mga kable o iba pang instalasyong elektrikal ay hindi sira bago mo ito paandarin
 - ✓ patayin at palamigin ang generator bago ito punuang muli ng gasolina. Ang maliligwak na gasolina sa mainit na mga bahagi ng makina ay maaaring maging sanhi ng sunog
 - ✓ magsuksok ng mga aparato sa generator gamit ang isang heavy-duty na extension cord
 - ✓ huwag tangkaing daluyan ng kuryente ang mga kable sa bahay sa pamamagitan ng pagsaksak ng generator sa wall outlet.

Humingi ng tulong

- Para sa impormasyon tungkol sa kaligtasan sa paggamit ng gas o kuryente, kontakin ang Energy Safe Victoria sa 9203 9700 o bisitahin ang: www.esv.vic.gov.au
- Upang mag-report ng tumatagas na gas, tumawag sa 132 771.

Upang tumanggap ng lathalaing ito sa maa-access na format, mag-email sa pph.communications@health.vic.gov.au